Buong Teksto

ANG ALAMAT NG PALAY

Ang kwento natin ngayon ay pinamagatang "Ang Alamat ng Palay" nilathala sa Baguio Midland Courier ng ika-1 ng Enero 1950. Ito'y isinalin mula sa Ingles ni Paolo Ven B. Paculan at babasahin ni John Benvir Serag. Isang Alamat Ibaloi.

Noong unang panahon, nag-uulam na ang mga tao ng baboy at ibang hayop, ngunit wala silang kanin. Kumakain sila ng kamote, gabi, natung, at pakô. Mayroon ding saging, mangga, bayabas, at papaya. Ito ang panahong wala pang daga at pusa sa mundo.

Noo'y may isang mabuting Mambubunong (o pari) na may mahikang mula kay Kabunian, ang Maylikhang nakatira sa Mundong Itaas. Backbongan ang kaniyang pangalan at madalas siyang maawa sa mga tao dahil sa kanilang kinakain.
Sa pagdaloy ng mga tag-araw at tag-ulan, tag-init at taglamig, nangyaring naanyayahan si Dackbongan na pumunta sa Langit para sa isang dakilang ritwal na idaraos alang-alang kay Kabunian. Kaya naglakbay siya ng maraming araw, inakyat ang tuktok ng Bundok Pulag, at nang makita ang hagdang nakatayo roon, pumanhik siya tungo sa mundo sa ibabaw ng mga ulap.

Doon, nakakita siya ng isang malaking kubong napapaligiran ng napakaraming tao. Ito ang tahanan nina Kabunian at Bugan, ang maganda niyang asawa.

Labis na ikinatuwa ni Dackbongan ang ritwal, lalo na ang pagkain ng kanin, na tila di niya pinagsasawaan. Nanatili siya roon ng ilan pang araw upang namnamin pa ang lasa nito. Napansin ni Kabunian ang hilig ni Dackbongan sa kanin at tinanong ito kung nais niyang magbaon nito pauwi. Agad namang umoo si Dackbongan. Kaya tinuruan siya ni Kabunian kung paanong patubigan ang mga bukid, kung paanong pasibulin ang mga binhi ng palay, at kung paanong itanim at alagaan ang uhay.

Dagdag ni "Ngunit upang magkaroon ng masaganang ani, kailangan ninyong isagawa ang Kosday kanyaw alang-alang sa akin. Tiyaking nakapatay lahat ng apoy sa nayon.

Madaling araw isasagawa ng Mambubunong ang ritwal sa bawat bahay. Tatanggap siya ng apoy mula sa akin sa pamamagitan ng Kolidi--ikikiskis niya ang isang pirasong kawayan sa isang biyak na kawayang may panggatong. Isasalaysay kung paanong nakakuha ng pagkain si Kabigat ng Mundong Itaas kay Kabigat ng Mundong Ilalim at tatawagin niya ang tatlong yumaong Mambubunong na sina Baking, Angay, at Bugawa. Magkakatay ng isang baboy, at ipapahid ang dugo nito sa mga mukha ng buong mag-anak. Pagkatapos ng Kosday kanyaw, magkakaroon ng man piju o limang araw ng pahinga. Kailangang matupad ang lahat ng ito," diin ni Kabunian.

Nangako si Dackbongang sundin ang lahat ng utos ni Kabunian. Maingat niyang inipit ang mga butil ng palay sa kaniyang bahag at muling pumanaog sa lupa. Maingat siyang gumawa ng mga palayan at tinupad lahat ng sinabi ni Kabunian. Dail dito, sumagana ang buhay niya at nagkaroon ng kanin ang lahat ng tao.

Ngunit paglipas ng panahon, nakalimot ang mayamang si Dackbongan na gawin ang kanyaw. Nagalit si Kabunian at lumikha ng mga daga upang kainin ang palay.

Nagsisi si Dackbongan sa paglimot niya sa mga utos ng diyos. Naawa naman si Kabunian kaya lumikha siya ng mga pusa upang kainin ang mga daga. Kaya nailigtas ang aning bigas at nagkaroon din ng daga at pusa sa mundo.

Mula noon, isinasagawa na ng mga tao ang Kosday kanyaw bago mag-ani ng palay.

***

Source: Baguio Midland Courier

Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

In English	*In Filipino*
The Monkey and the Turtle	Ang Pagong at ang Matsing
Sun and Moon	Ang mga Paglalakbay ni Juan
Sagacious Marcela	Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)
The Story of our Fingers	Ang Unang Unggoy
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck	Ang Alamat ng Palay
The Lost Necklace	Ang Pinagmulan ng Lamok
	Kung Paano Yumaman si Jackyo

Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.

PAGKILALA

Areté

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	*Executive Producers*
D Cortezano	*Producer*
John Robert Yam	*Overall Sound Designer*
Harold André Santos	*Theme Music Composer*
Jethro Nibaten	*Episode Sound Designer*
John Robert Yam Nilo Beriarmente	*Sound Engineers*
Ivy Baggao	*Talent Coordinator and Production Associate*
Adriane Ungriano Justine Ray Santos Duane Ligot Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	*Sound Design and Technical Team*
Arielle Acosta Vannessa Reventar	*Logistical Support*

Ross Du	*Illustrator*
Arielle Acosta Lazir Caluya	*Brand Developers*
Dreamlist Digital	*Web developers*

Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School

Jose Antonio P. Salvador	*Principal*
Genalyn S. Sanvictores	*Assistant Principal for Academic Affairs*
Paolo Ven B. Paculan	*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*
Krinstine Ann P. Valdellon	*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*
John Benvir Serag	*Assistant Teacher, Filipino Subject*

Additional Music Credits

CAÑAO 2016 KAPANGAN, BENGUET, *Noreen Taggers*
Ritual: kanyaw ritual, *Yasuhiro Morinaga*
Wedding or harvest(Kankanaey), *Yasuhiro Morinaga*
Thanksgiving dance for wedding or harvest (Ifugao), *Yasuhiro Morinaga*
Country Field Sound Effect | COUNTRY FIELD SFX - 2 | HD, *n Beats*
Leaves Russle On Tree [SOUND EFFECT], *Freeify Music*
Spring Birds Chirping Sound Effect [FREE DOWNLOAD], *VideoPlasty*
10 Chicken SOUND EFFECTS - 10 Effects, *Tutor IS*
Pig Oink Sound Effect, *Sound Effects*
Dog Barking To Make Your Dog Bark Or Tilt Head, *Hrithik Garg*
Goat Sound Effect - Bah, *Winry Marini*
Tibetan Singing Bowl Sounds - OM, *AnthonyTilottaTV*
Saviour Kasukuwere rally with Mnangagwa in Dzivarasekwa, *Team Zw*
pig sound ouk ouk - sound of pig effect, *League Of Sounds*
Blood Splat Sound Effect, *zero*
Thunder Sound effect, *MrS roundtable*
25 ANIMAL SOUNDS Real Animal Sound Effects HD, *Dayhan RV*
Angry Cat sound effect, *One Hour SoundTube*
Sparkle Sound Effects, *All Sounds*
Rock Falling Sound Effects, *All Sounds*
Heaven Sound Effects, *All Sounds*
Squelch Sound Effects, *All Sounds*
Shake - Shaking Sound Effects, *All Sounds*
Snake Hiss Sound Effects, *All Sounds*
Water Lapping Wind Sound Effect, *Audio Library*
Walking Through Woods Sound Effect, *Freeify Music*
ASMR All In One, *ASMRSurge*
ASMR tapping, *RaffyTaphyASMR*
Cree Spoken Word, *Cikwes - Topic*
Fairy Dust Sound Effect
ખળખળ Rattle Sound
Campfire Sound Effect 01